

1**Kailangan ng pananampalataya upang sumunod sa Diyos.**

Ngayon, sinabi ng Panginoon kay Abram, “Lisanin mo ang iyong bansa, ang mga kamag-anak mo, at kahit ang sambahayan ng iyong ama, at pumunta ka sa lugar na ipapakita ko sa iyo.

GENESIS 12:1

Si Abram, na mas nakilala bilang Abraham, ay isang mayamang lalaki at para bang taglay na niya ang lahat ng kakailanganin niya sa buhay. Ngunit, tinawag ng Diyos si Abraham upang ganap na sumunod at umasa sa Kanya, upang makilala niya ang Diyos. Ang pananampalataya ay kailangan upang magawa nating sumunod sa Kanya. Magkuwento tungkol sa panahong tinawag ka ng Diyos upang sumunod at mas makilala pa Siya.

2**Ang pananampalataya ay isang tawag mula sa Diyos upang maging bahagi ng Kanyang plano at layunin.**

Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. **GENESIS 12:2**

Dahil siya ay mayaman, malamang ay naplano na ni Abraham kung paano niya pamamahalaan ang kanyang yaman, buhay, at pamilya. Subalit ang Diyos ay may mas maganda pang plano para sa kanya. Ang kanyang lahi ay gagawing *tanyag na bansa, pagpapalain siya*, at magiging kilala ang kanyang pangalan. Ang nararapat lamang na tugon sa mga plano at layunin ng Diyos ay ang manampalataya. Balikan ang panahong ipinakita sa iyo ng Diyos na iba ang plano Niya sa plano mo. Ano ang nangyari? Paano ka tumugon?

3**Ang pananampalataya ay isang tawag mula sa Diyos na hindi lamang para sa ating mga sarili.**

²Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. ³Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo.” **GENESIS 12:2,3**

Dahil sa pananampalataya ni Abraham, ang mga plano at layunin ng Diyos sa kanya ay natupad. Ang pananampalataya niya ay nagkaroon ng epekto hindi lamang sa kanyang sarili kundi pati rin sa kanyang pamilya, at higit sa lahat, sa lahat ng pamilya sa mundo. Ang pananampalataya natin ay hindi lamang para sa ating mga sarili kundi para rin sa ating mga kapamilya, kaibigan, at maging sa iba pa. Paano naapektuhan ng lumalalim na relasyon mo sa Diyos ang mga tao sa paligid mo?

APPLICATION

- May relasyon ka ba sa Diyos na naitatag sa pananampalataya? Gusto mo bang manampalataya sa Kanya simula ngayong linggo?
- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang patuloy kang lumago sa pananampalataya mo sa Diyos?
- May kapamilya o kaibigan ka ba na gusto ng Diyos na bigyan mo ng lakas ng loob sa pamamagitan ng iyong pananampalataya? Paano mo maibabahagi sa kanya ang ebanghelyo ngayong linggo?